

Magnomina ng isang magaling na residente para sa 2020 Brampton Citizens Awards!

BRAMPTON, ON (Enero 6,2021) – Tumatanggap ang Lungsod ng Brampton ng mga nominasyon para sa 2020 Brampton Citizens Awards. Nagnomina ng magaling na mga atleta, volunteer at lokal na mga bayani bago ang Pebrero 16, 2021.

Ang Brampton Citizens Awards ay kumikilala sa mga residente na nakagawa ng makahulugang kontribusyon o may makabuluhang tagumpay sa isa sa sumusunod na mga kategorya sa panahon ng taong 2020:

- Kinikilala ng **Sports Achievement Award** ang mga residente ng Brampton kanino ang mga narating ay kinilala sa antas na Panlalawigan, Pambansa o Pandaigdigang.
- Ipinipresenta ang **Ken Giles Amateur Athlete of the Year Award** sa isang magaling na indibidwal na nakagawa ng makabuluhang epekto at/o natatanging tagumpay sa amateur na antas ng kanya-kanyang isport.
- Kinikilala ng **Arts Acclaim Award** ang mga indibidwal kaninong kontribusyon ay nagkaroon ng mahalagang epekto kaugnay ng pagkamit ng Panlalawigan, Pambansa o Pandaigdigang parangal.
- Kinikilala ng **Long Term Service Award** ang dedicated na boluntaryo kanino ang mga pagsisikap ay nakagawa ng makabuluhang epekto sa pagpapaunlad at pagpapasulong sa panlibangang isport, sa sining at mga panlipunang serbisyo sa komunidad.
- Kinikilala ng **Inspirational Award** ang mga residente ng Brampton na nagtaguyod o nagsagawa ng makataong aksyon, o sinuman na nagkaroon ng inspirasyonal na impluwensya sa iba.
- Kinikilala ng **Emergency Services Award of Valour** ang mga indibidwal na kusang inilagay sa panganib ang kanilang mga buhay habang isinasagawa ang dakilang kilos na iligtas ang buhay ng ibang tao.
- Kinikilala ng **Citizens of the Year Awards** ang mga volunteer sa lahat ng edad na nagpakita ng maalab, dedicated na pakikilahok ng komunidad sa 2020.

Hinirang ang isang Komite na Pipili na binubuo ng mga kasapi ng komunidad na may husay sa usapin sa mga kategorya ng award, kasama ang piniling mga opisyal, Brampton Fire and Emergency Services, ang Brampton Sports Alliance, ang Brampton Seniors Council at Panrehiyong Pulisya ng Peel, para rebuyhin ang lahat ng nominasyon.

2019 Brampton Citizens Awards

Dahil sa COVID-19, hindi nagawang mag-host ng Lungsod ng Brampton ng personal na event para kilalanin ang mga tatanggap ng 2019 Brampton Citizens Awards. Ang mga nakatanggap ng award sa 2019 ay kikilalanin kasama ng mga tatanggap sa taon na ito.

Mga Quote

“Ang Brampton Citizens Awards ay mahalagang pagkakataon para kilalanin ang magaling na mga Bramptonian. Ang mga award na ito ay nagtatanim ng dangal, hinihikayat ang lahat na umambag sa ating komunidad, at kilalanin ang ating mga mamamayan para sa kanilang mga makahulugang kontribusyon!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Citizens Awards ay tradisyon na ng ating komunidad mula 1974. Naghahanap tayo mga atleta, volunteer at bayani sa Brampton na nakagawa ng makabuluhang epekto sa ating lungsod sa 2020, na kikilalanin sa ating komunidad sa lahat ng panahon.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards 3 at 4; Chair, Komite ng mga Award sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Bukas na ngayon ang mga nominasyon para sa 2020 Brampton Citizens Awards! Bawat taon, nakikita natin ang kamangha-manghang saklaw ng mga submisyon para sa mga award na ito. Ang mga Bramptonian ay tunay na nakakagawa ng kaibahan sa ating magandang lungsod araw-araw, at ang komite na pipili ay nananabik nang makita ang mga nominado sa taon na ito at piliin ang mga tatanggap.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay puno ng mga tagagawa ng kaibahan at kinikilala ng Brampton Citizens Awards ang kanilang magandang mga kontribusyon sa ating komunidad. Mula sa mga atleta hanggang sa mga volunteer hanggang sa mga lokal na bayani, inomina ang isang tao na hinahangaan mo na nakagawa ng malaking epekto sa 2020.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca